**A MGA PARTIDO SA TUNGGALIAN:**

- **ANG PRINSIPE NG HUKBO NG DIOS.**
  - Habang nananalangin si Josue malapit sa Jerico upang humingi ng direksyon sa pagsakop sa syudad, isang mandirigma na nakalabas ang espada ang tumayo sa harap nya (Josue 5:13).
  - Nang tanungin ni Josue, itinanggi ng taong ito na siya ay galing sa anumang hukbo dito sa mundo. Siya ang kumander ng hukbo ng Dios (Josue. 5:14).
  - Sa pag-utos na sambahin, ipinakita niya na siya ay Dios mismo, sa katauhan ni Jesus—na kilalang Miguel sa aklat ng Daniel (Josue 5:15; Daniel 12:1).
  - Tinugon ang panalangin. Sa ikapapayapa ni Josue, mismong ang Dios ang nanguna sa operasyon. Bilang kumander ng Israel na hindi nakikita, kailangan ni Josue na summunod lang sa utos ng pinakapunong kumander: Dios.
- **ANG PRINSIPE NG HUKBO NG MASAMA.**
  - Masasabi nating inimbento nya ang digmaan. Ipinanganak syang prinsipe; kerubin na pinakamataas ang ranggo; nasa mismong tabi ng Dios; lumalakad sa nagbabagang uling; mahalaga; perpekto… (Ezek. 28:12-15).
  - Pinagkalooban ng malayang pagpili– gaya ng matatalinong nilalang na ginawa ng Dios– pinili ni Lucifer na magrebelde at agawin ang trono ng Dios (Is. 14:12-14).
  - Bagaman nabigo ang kanyang rebelyon, napalibutan ng digmaan ang sansinukob mula noon. Sa pagsakop sa Lupa, may iisang layunin si Satanas at kanyang mga anghel: pilipitin ang plano ng Dios na iligtas ang lahi ng tao.
  - Ang pagsakop sa Canaan ay mahalagang labanan sa digmaang ito.
- **ANG PINAKAMAKAPANGYARIHANG MANDIRIGMA.**
  - Ang Dios mismo ay ipinakilala bilang “tao ng digmaan,” ang pinakamakapangyarihang mandirigma sa labanan. (Ex. 15:3; Awit 24:8).
  - Ngunit hindi nakikipagdigma ang Dios sa tao, Kundi sa espiritwal na kapang-yarihang kinakapitan nila. Kaya, ang salot ay isang pahayag ng pakikidigma sa mga diosdiosan ng Ehipto, iyon ay, mga demonyo (Ex. 12:12; Deut. 32:17).
  - Hangad ng Dios na mawala ang kasamaan sa Lupa. Kaya, pinalayas Nya sa Canaan lahat na pumanig kay Satanas, at ipinagkaloob ang lupa sa mga taong pumanig sa Kanya.
  - Ngayon ay nagpapatuloy ang digmaan, ngunit hindi dahil sa teritoryo. Ang labanan ay para sa bawat pamilya, para sa bawat isa. Walang neutral na lugar. Tayo ay maaaring pumanig lang sa Dios o sa kaaway.

**B MGA DISKARTE NG TUNGGALIAN:**

- **ANG DIOS AY LUMALABAN PARA SA ATIN.**
  - Ang orihinal na plano ng Dios ay sakupin ang Canaan sa pamamagitan ng mga himala, na hindi makikipaglaban ang Israel (Exod. 23:28). Kung hindi lang dahil sa kawalan ng pananampalataya ng mga tao, ito ay mangyayari.
  - Itinala sa Biblia ang mga halimbawa ng kayang gawin ng Dios upang iligtas ang Kanyang bayan, na hindi sila gumagamit ng anumang sandata laban sa kaaway: Pinalubog Nya ang hukbo ng Ehipto sa Dagat na Pula (Exod.14:24-28); Gumamit Sya ng graniso laban sa mga Canaaneo (Josue 10:11Winasak nya ang mga namumuhi kay Elias (2 Hari 1:9-10); Nagpadala Sya ng mga Oso laban sa mga nanuya kay Eliseo (2 Hari 2:23-24); Nakuha Niya ang kapayapaan sa pagbulag sa hukbo ng Siria (2 Hari 6:14-23); Ginawa Nyang magpatayan ang mga Amonita at Moabita (2 Cronica 20:15-17, 22-24); Pinatay Nya ang 185,000 na taga Asiria sa isang gabi (2 Hari 19:35); Nagpadala Sya ng nakamamatay na sakit kay Herod (Gawa 12:21-23).

- **TAYO AY NAKIKIPAGLABAN PARA SA DIOS.**
  - Gaya ng mga antediluvians, o ng Sodoma at Gomorra, ang mga Canaaneo ay lumampas sa hangganan ng biyaya, at nagpaanib ng mga sarili kay Satanas (Gen. 6:5; 18:20-21; 15:16).
  - Lahat sila ay nakatakda sa ikalawang kamatayan, walanghanggang kamatayan. Ang pagpapahaba ng buhay nila ay hindi makapagbabago ng kanilang hantungan. At hinayaan ng Dios ang Israel, sa okasyong ito (pagbihag sa Canaan), na makibahagi sa pagpatay.
  - Bakit hindi na lang Sya ang gumawa, gaya ng inisip Nya? Dahil sa hindi nila paniniwala. Ang unang sabak sa gyera ng Israel ay matapos nila sabihing, “kasama ba natin ang Panginoon, o hindi?” (Exodo 17:7-9).
  - Sa pakikibahagi sa labanan (pisikal sa kanila, espiritwal para sa atin), nagkakaroon tayo ng tiwala sa Dios na walang kondisyon.